
13st Story

# Ang Salita ng Panginoon ay makapangyarihang lumaganap!




**Narration** Isang araw, Si Apostol Pablo at ang kanyang mga kasamahan ay nangaral ng Magandang Balita sa Efeso. Nanatili siya ng tatlong buwan sa sinagoga, itinuro niya sa mga tao ang tungkol sa "kaharian ng Diyos"

**Paul** Ang kaharian ng Diyos ay isang lugar na kung saan ang lahat ng tao ay pantay-pantay at walang mahirap.



**Audience 1** Ano ang sinasabi ng taong iyan?

**Audience 2** Oo nga!!!!!! Hindi ko maintindihan kung ano ang sinasabi ng taong iyan!!!!


**Audience 3** Oiiiii!!!!!!! hindi ninyo naintindihan? Eh~he~ Sabi nila walang tao sa kaharian ng Diyos~ Hindi ba?

**Narration** Gayunpaman, may mga taong ayaw maniwala at hindi tumatanggap sa ipinapangaral ni Pablo na Kaharian ng Diyos.

**Jew 1** Hindi!!! HIndi iyan totoo!! Kaharian daw ng Diyos???? basta ako, kakain lang ako at mamumuhay ng maayos.

**Jew 2** Yang lalaking iyan! Si Pablo.... parang hindi makatotohanan ang sinasabi niya, hindi ba?

**Paul** Hayyyy!!!! Hindi ko na maipangaral ang Magandang Balita sakanila, dahil tinatanggihan nila ang Kaharian ng Diyos··· Hindi ako makapaniwala···




**Narration** Kaya, si Apostol Pablo ay hindi na pumunta sa sinagoga, sa halip ay nagturo siya sa isang lugar na tinatawag na Tirano sa Efeso, kung saan tinalakay niya ang kaharian ng Diyos araw-araw at nagturo nang masigasig.

**Paul** Ang kaharian ng Diyos ay isang lugar kung saan natutupad ang kalooban ng Diyos. Kaya! Ang kalooban ng Diyos ay dapat ding matupad sa lupang ito.



**Debater 1** Ha!!!!! Ano? Anong sinabi mo?

**Paul** Ano ba yan! Ilang beses ko bang sasabihin ito sa inyo? Ang kalooban ng Diyos ay inihayag sa pamamagitan ni Jesu-Kristo.

**Narration** Dahil dito, Si Apostol Pablo at ang kanyang mga kasamahan ay tumagal ng dalawang taon sa Efeso upang ipangaral ang Magandang Balita sa lahat ng tao sa buong Asya at ituro ang tungkol sa kaharian ng Diyos. Habang buong tiyagang pinapangaral ni Pablo ang tungkol sa kaharian ng Diyos, Gumawa ang Diyos ng mga pambihirang himala sa pamamagitan niya. Kahit panyo o damit na kanyang ginamit ay dinala sa mga maysakit, at gumaling ang mga ito at lumayas ang masasamang espiritung nagpapahirap sa kanila.



**Patient 1** Gumaling ako!!!

**People** (bulung-bulungan)



**Narration** Kabilang sa mga Hudyo na nagulat nang makita ang mga himalang ito ay ang pitong anak ng isang lalaking nagngangalang Escheva.

**Son of Sceva1** Waaawwww!!!! nakakamangha!!!! Ang kailangan lang nating gawin ay sabihin ang pangalan ni Pablo at Hesus, At pagkatapos ay, magiging posi-ble ang lahat!!

**Son of Sceva2** Hehe, kung ganun subukan din natin ito?

**Son of Sceva3** Wawwww!!! ito ay nakakamangha!!!! sa tingin niyo, magiging magan-dang negosyo kaya ito? Hihihihii!



**Narration** Kaya't ginamit ng mga anak ni Esceva ang kapangyarihan ng Pangalan ni Pablo, sa sinasapian ng demonyo at sinubukang palayasin ang masamang espiritu.

**Sons of Sceva** Sa pangalan ni Jesus na ipinapangaral ni Pablo, iniuutos ko sa inyo, luma-yas kayo.



**Possessed man** Uh....ah.... bigyan mo ako ng pagkain..... pagkain... bigyan nyo ako ng pagkain...

**Sons of Sceva** Haaaaaa?? Paano nangyari ito? Pareho kong sinabi ang pangalan ni Pablo at Jesus⋯⋯ Bakit walang nangyari ang sinabi ko??? Magdagdag pa tayo ng pangalan! Sa Pangalan ni Jesus, Pablo, Pedro at ni Santiago⋯⋯ hindi ka namin mapapatawad kung hindi mo susundin ang aming utos!!!!



**Possessed man** Ahhhh nanghihingi ako ng pagkain.... Ugggghhhh! "Kilala ko si Jesus at kila-la ko rin si Pablo, ngunit sino kayo?" Ang lakas ng loob ninyong lokohin pati masamang espiritu! Ang mga lalaking ito!!!! Haaaaaahhhhh!!!! Yahhhhhhh!!!!

**Sons of Sceva** Tulonggg..... Tulong.........! binubugbog kami ng masamang espiritu!!! arayyyyyyy..... Tara na!!!!! Tumakbo na tayo!!!!!! Takbo.......

**People** (Bulung-bulong) Hoy, hoy. Tignan niyo'yan! Hindi lamang ito tungkol sa pagiging mahusay sa paggamit ng pangalang Hesus! Malinaw na si Hesus at si Pablo ay hindi mga ordinaryong tao!




**Narration** Ang pangyayaring iyon ang naging dahilan ng pagkatakot ng mga tao at dahil doon pinuri nila ang pangalan ng Panginoong Jesus. Habang ipina-pangaral ng masigasig ni Pablo at nang kanyang mga kasamahan ang tungkol sa kaharian ng Diyos, mas lalong dumami ang mananampala-tayang nagpahayag at nagsisi sa kanilang mga kasalanan.

**Sinner 1** Panginoon!! nakagawa ako ng kasalanan....nagnakaw ako!!! isa akong masamang tao.....



**Sinner 2** Mas masahol pa diyan ang naging kasalanan ko!!! Nung nakaraang linggo...

**Narration** Marami sa mga dating gumagamit ng mahika ang nagtipon ng kanilang mga aklat at sinunog ang mga ito sa harap ng mga tao.



**Magicians** (pautal-utal) Ahhhhh, Sa totoo lang,,, nandaya kami sa kapwa namin…. kami ba ay mapapatawad? Kung susunugin namin lahat ng aklat?…. Patatawarin din kami diba?? Oyyyy!!! dalian mo, Ano pang ginagawa mo, dalhin mo na dito iyan!!!!!

**Narration** Ang mga aklat ng salamangkero ay mahal, nagkakahalaga ito ng limampung libong pilak, sinunog ito nang araw ding iyon..

**Man 1** Hayyyy!!!! nasunog na ito!!!

**Man 2** Uy uyy.. uh.. may natitira ka bang kamote sa bahay? Magdala ka ng ilan dito, ihawin natin.

**Narration** Sa ganitong paraan, ang Salita ng Panginoon ay patuloy na lumaganap nang makapangyarihan sa Efeso, at habang pinapalaganap ito, mas maraming tao pa ang naligtas.